

THE BEAT

Ang Misyon Natin

WARM-UP

- Sa anong bansa mo gusto makagawa ng pagbabago? Bakit ito ang napili mo?
- Magkuwento tungkol sa isang panahon na nahirapan kang sumunod sa ipinag-utos sa iyo. Bakit ka nahirapan?
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na itinama mo ang isang pagkakamali. Ano ang nangyari?

WORD

¹⁸Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, "Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. ¹⁹Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. ²⁰Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo." MATEO 28:18-20

(Basahin din ang **GENESIS 3**.)

Sa kabila ng pagsuway ng sangkatauhan na nagdulot ng kasalanan sa sanlibutan (Mga Taga-Roma 5:12-19), ang misyon ng Diyos ay hindi nagbabago: ang ipalaganap ang dakilang karangalan Niya sa buong mundo. Gaya ng utos ng Diyos sa Genesis 1, sinabihan Niya ang Kanyang mga mamamayan na magpunta sa lahat ng lugar, subalit sa pagkakataong ito, sa halip na bilang mga nilalang na nagtataglay ng Kanyang wangis, o imahe, dapat silang magpunta bilang mga disipulo Niya. Sila ngayon ay mga instrumento ng Diyos upang tubusin ang mundo sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga tao na sumunod sa Kanyang mga utos.

1 Ang Komisyon ng Diyos

*¹⁸Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi, "Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. ¹⁹Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. **MATEO 28:18,19***

Inutusan ni Jesus ang mga disipulo Niya na magdisipulo ng mga tao mula sa iba't-ibang bansa. Muli ay inutusan Niya sila na pumunta sa lahat ng dako ng mundo, ngunit sa pagkakataong ito, sinabihan Niya sila na turuan ang lahat ng tao na sumunod sa Kanya. Ang misyon ng Diyos na ipalaganap sa buong mundo ang dakila Niyang karangalan ay hindi nagbago. Paano mo sinusunod ang Dakilang Komisyon?

2 Ang Papel na Dapat Nating Gampanan

¹⁹Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. ²⁰Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo.” **MATEO 28:19,20**

Ang papel natin ngayon, matapos ang muling pagkabuhay ni Jesus, ay ang sumunod sa mga utos Niya at ang magdisipulo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo at pagpapalaganap ng pakikipagkasundo na ibinigay sa atin ng Diyos. Tayo ay nabigyan ng pribelehiyo na maging instrumento ng Diyos sa pagbawi Niya sa mundo sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng Kanyang dakilang karangalan. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Paano tayo maaaring mamuhay bilang mga saksi para kay Cristo?

.....

.....

.....

APPLICATION

- Paano mo mas matatanggap ang Dakilang Komisyon ng Diyos para magawa mong pumunta sa bawat bansa upang magdisipulo? Mag-isip ng isang bagay na maaari mong gawin upang maging bahagi ito ng pamumuhay mo?
- Maglista ng tatlong kakilala mo na ipapanalangin mo sa buong buwan na ito. Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon na makausap sila tungkol sa pagmamahal at awa ng Diyos.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng bansa na maaari mong puntahan, paglaanan ng pera, o ipanalangin. Ipanalangin na ibigay sa iyo ng Diyos ang kailangan mo at na gabayan ka tungkol dito itong buong taon.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa dakila Niyang pagmamahal sa mundo, na ginawa Niyang ibigay ang buhay Niya para sa lahat ng tao sa lahat ng bansa, at patuloy pang iligtas ang mundo at ibalik sa Kanya. Pasalamatang Siya sa papel na gagampanan mo sa misyong ito.
- Ipanalangin na bigyan ka ng isang tao na maaari mong makausap ngayong linggo tungkol sa pagmamahal at awa ng Diyos. Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob na mula sa Banal na Espiritu habang kinakausap mo ang taong ito.
- Hingin sa Diyos na magkaroon ka ng mga pagkakataon at bagong pamamaraan para maipangaral ang Kanyang Salita sa iba. Hingin sa Kanya na bigyan ka ng mga salitang mangungusap sa puso ng mga tao na makakausap mo.

NOTES



VICTORY

© 2018 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
 Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
 Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph